

Tungkol sa Kalusugan

CMV Retinitis

Huling binago noong September 2003

Ano ang CMV Retinitis?

- Ang CMV Retinitis ay malubhang impeksyon ng mga mata na maaring makabulag. Ang virus na tinatawag na CMV (Cytomegalovirus) ang sanhi nito.
- Ang mga taong may HIV at T4 (CD4) count na mas mababa sa 50 ay mas mataas ang panganib na magkaroon ng impeksyong ito.

Paano nagkakaroon ng CMV?

- Ang CMV ay isang pangkaraniwang mikrobyo na karamihan ng tao ay na-expose. Hindi ito nagbibigay ng sakit sa mga taong may malusog na immune system. Sa mga taong mahina ang immune system tulad ng mga nagpa-transplant o nagki-chemotherapy laban sa cancer, o iyung mga malubha ang HIV infection, ang CMV ay maaaring maging sanhi ng malubhang sakit.

Anu-ano ang mga sintomas ng CMV?

- Ang CMV ay maaaring makaapekto sa iba't-ibang bahagi ng katawan tulad ng mga mata, baga, sikmura, bituka, at utak. Ang mga sintomas ay hindi pare-pareho at depende sa kung anong bahagi ng katawan ang apektado. Kadalasan, ang CMV ay natatagpuan sa mga mata.
- Ang retina ng mga mata ang apektado ng CMV. Maaari itong maging sanhi ng panlalabo ng paningin, blind spots o floaters na kung saan mapapansing may mga madilim na bahagi ang iyong paningin. Hindi masakit ito subali't maaaring lumubha sa maikling panahon at maaring ikabulag. Mahalagang ipaalam agad sa iyong doktor kung may napapansin kang pagbabago sa iyong paningin upang mabigyan ka ng panlunas habang maaga.

Paano ko maiiwasan ang CMV Retinitis?

- Upang maiwasan ang pagkakaroon ng impeksyong ito, sikaping mapanatiling ang bilang ng iyong T4 (CD4) ay mas mataas sa 50. Ang CMV ay kadalasang nakikita sa may T4 (CD4) na mababa sa 50.
- Ang mga gamot laban sa HIV ay makatutulong upang mapanatiling malusog ang iyong immune system at ang bilang ng iyong T4 (CD4).
- Ang regular na pagpapatingin sa doktor o eye specialist ay makatutulong upang maiwasan ang pagkakaroon ng CMV.

Paano ginagamot ang CMV?

- Kadalasan, ang gamot laban sa CMV ay ibinibigay sa pamamagitan ng IV injection diretso sa ugat, o kaya ay sa paglalagay ng gamot sa mga mata.
- Ang gamot sa CMV ay ang mga sumusunod:
  - Ganciclovir (Cytovene) at valganiclovir (Valcyte)
  - Foscarnet (Foscavir)
  - Cidofovir

- Hindi pinapatay ng mga gamot na ito ang CMV virus, pinababagal lamang nito ang pagkalat ng CMV sa ibang bahagi ng iyong katawan. Ang paggagamot ay kadalasang ipinagpapatuloy habang-buhay at ang mga tumatanggap ng intravenous medication ay nilalagyan ng permanenteng intravenous line sa katawan para mabigyan ng gamot araw-araw. Tungo sa patuloy na pangangalaga maaring inumin ang oral form ng ganciclovir o valganciclovir kapag ang pagkalat ng impeksyon ay tumigil na.
- Dahil sa mga pinakahuling katuklasan sa paggagamot ng HIV, may mga pasyenteng nagkaroon ng malaking pagbabago sa kanilang T4 (CD4) at pangkalahatang kalusugan at maaari ng magbalak magtigil ng paggagamot laban sa CMV. Makipag-usap sa iyong doktor tungkol sa posibilidad ng pagkakaroon nito.

Copyright @ACAS 2001 & 2003. This fact sheet is produced by ACAS (Asian Community AIDS Services) and is available in English, Chinese (Traditional and Simplified), Tagalog and Vietnamese. Funding for this project is provided by the Ontario HIV Treatment Network (OHTN) and Health Canada. Copies can be downloaded at : www.acas.org/treatment. ACAS provides comprehensive support and case management services for Asian people living with HIV/AIDS; and HIV/AIDS prevention education to the east and southeast Asian Canadian populations in the Greater Toronto Area. ACAS is located at 33 Isabella Street, Suite 107, Toronto, Ontario M4Y 2P7. Tel: (416)-963-4300, Fax: (416)-963-4371 Email: support@acas.org

Legal Disclaimer: While we make every attempt to ensure the accuracy and reliability of information contained in this website/ fact sheet, the information provided here are designed for reference purposes only. These information should not be relied upon as a substitute for medical advice from a qualified professional health care provider and should not be used for diagnosing or treating a condition or illness. Please consult a physician if you have any concerns about your health, treatment regimen and questions related to HIV/AIDS. ACAS, its employees and board members will not be responsible for any loss or harm, however arising, from the use of, or reliance on this information.